Tagalog (Filipino)

Mga salitang makakatulong sa pagkuha ng Pambansang Sistema sa Siguro sa Kapansanan (NDIS)

Helpful words when accessing the National Disability Insurance Scheme (NDIS)

Ethnic Community Services Co-operative
A voice for diversity and inclusion

Mga salitang makakatulong sa pagkuha ng Pambansang Sistema sa Siguro sa Kapansanan (NDIS)

Helpful words when accessing the National Disability Insurance Scheme (NDIS)

Kahilingan sa Pagkuha (Access Request)
Papaano ang pag-aplay upang makalahok sa NDIS.

Naisakatuparan (Achieve)

Maging tagumpay ang itinakda at nais na mangyari.

Mungkahi (Advocacy)

Nagsasalita para sa sarili at sa ibang tao upang makamit ang kanilang kagustuhan.

Magmungkahi/Tagapagmungkahi (Advocate)

Ang taong nagbibigay ng suporta upang makamit mo ang iyong kagustuhan.

Pagtatasa (Assessment)

Paraan upang malaman ang tungkol sa iyo at sa iyong pangangailangan.

Mga Hadlang (Barriers)

Anuman na pumipigil o hadlang sa progreso, pagkuha, atbp. Ito ay maaaring hadlang na pisikal o hadlang na sosyal (tulad sa pagsasalita at pakikisama).

Tulong sa pagbuo ng kakayahan (Capacity Building)

Isang suporta na nagbibigay sa kalahok na magkaroon ng kalayaan at mga kasanayan, tulad ng pagkakaroon ng natatanging pagkukunan.

Puhunang tulong (sa plano ng NDIS) [Capital Support (in NDIS plan)]

Isang puhunan, tulad ng nakakatulong na mga teknolohiya, kagamitan at pagbabago sa tahanan at sasakyan, pondo para sa malaking gastusan.

Pakikilahok ng Komunidad (Community Participation)

Mga serbisyong tulong sa may kapansanan na maging kabilang sa komunidad at tulungan sila na matuto ng mga bagong kasanayan.

Reklamo (Complaint)

Pagsasalita tungkol sa bagay na nagbibigay sa iyo ng kalungkutan o hindi nasisiyahan.

Kabuuang Tulong (sa plano ng NDIS) [Core Support (in NDIS Plan)]

Isang suporta na nakakatulong sa kalahok na tapusin ang mga gawain sa araw-araw at magkaroon sila ng pagkakataon na makamit ang kanilang mga layunin at nais na mangyari.

Maagang pagbibigay ng suporta (Early Intervention)

Maagang pagbibigay ng suporta sa isang bata o makaraang malaman ang kapansanan nito upang bawasan ang epekto ng kapansanan at mapabuti ang buhay ng bata.

Maaaring maging NDIS (Eligible for the NDIS)

Pagiging kwalipikado na maging kalahok ng NDIS.

May bayad na mga suporta (Formal Supports)

May bayad na suporta mula sa isang indibidwal o mga nagbibigay ng serbisyo, tulad ng 'physiotherapy'.

Uri ng tulong na may bayad (Funded Supports)

Mga uri ng suporta na may bayad at ang NDIS ang nagbabayad nito.

Layunin/Hantungan (Goal)

Ang nais na mangyari o posibleng resulta na binalak ng isang tao, mga plano at gawing makamit ito. Halimbawa, ang layunin na lumahok sa isang klab sa isport o matuto ng bagong kasanayan.

Pagtanggap (Inclusion)

Tanggapin bilang kalahok ng komunidad.

May indibidwal na pondo (Individualised Funding)

Pondong nakukuha sa pamamagitan ng NDIS para sa isang taong may kapansanan.

Anumang walang bayad na suporta (Informal Supports)

Anumang walang bayad na suporta na nagmumula sa pamilya o kaibigang tagapag-alaga.

Impormasyon, Pagkakaugnay at Tulong sa Kakayahan, ILC (Information, Linkages and Capacity Building ILC)

Mga layunin na makabuo ng kakayahan ang komunidad, mga taong may kapansanan at ang kanilang pamilya at mga tagapag-alaga.

Panghabambuhay na suporta (Lifelong Support)

Suporta na kailangan na ngayon at sa hinaharap.

Mga Tagapag-ugnay ng lokal na pook (ILAC) [Local Area Co-ordinator (LAC)]

Mga Tagapag-ugnay na Lokal na tumutulong sa pagbuo ng mga plano ng NDIS, mamahala ng mga gawaing pangkomunidad na makabuo ng kakayahan at kaalaman at tulong, kung kakailanganin, sa pakikipag-ugnayan at pagkuha ng mga suporta sa kalahok.

Umiiral na mga Suporta (Mainstream Supports)

Mga serbisyo na nabibigay ng suporta sa iba't ibang uri ng tao at hindi lamang sa mga taong may kapansanan: tulad sa edukasyon, suporta sa kita, pabahay, empleyo, sasakyang pampubliko o mga serbisyo pangkalusugan.

Pamamahala ng Pondo (Management of Funding)

Paraan upang pangalagaan kung papaano ang pagbayad sa mga suporta at serbisyo na kailangan. Kasama sa ilang opsyon ang sariling-pagpopondo, pamamahala ng NDIS o ang pagkakaroon ng isang nagbibigay ng serbisyo na mamahala ng ng pondo.

Pambansang Ahensiya sa Seguro sa Kapansanan (National Disability Insurance Agency)

Ang NDIA ay isang samahan na namamahala ng NDIS. Nagbibigay sila ng suporta sa mga taong may kapansanan na makamit ang mga layunin nito at makilahok sa pang-araw-araw na buhay.

Pinamamahalaang Ahensiya ng NDIA (NDIA Agency managed)

Kung kailan ang NDIA ang namamahala sa pondo sa suporta ng inyong NDIS.

Pambansang Sistema sa Seguro sa Kapansanan (NDIS) [National Disability Insurance Scheme (NDIS)]

Ang Sistema sa Siguro sa Kapansanan, isang bagong paraan ng pagbibigay ng suporta sa mga Australyano na may kapansanan, sa kanilang pamilya at mga tagapaga-alaga.

Kalahok (Participant)

Isang taong may kapansanan na may Planong NDIS.

Plano ng Kalahok (Participant Plan)

Sadyang binuong plano para sa mga natatanging pangangailangan ng mga kalahok na nais na magkaroon ng malawak na pagpipilian at kalayaan.

Permanente & Malakihan (Permanent and Significant)

Isang kapansanan na nagbibigay sa isang taong may kapansanan habambuhay at magiging mahirap para sa kanila ang gumawa ng mga bagay na walang tulong.

Pamamaraang Nakasento sa Tao (Person Centred Approach)

Inilalagay ang taong may kapansanan sa sentro ng pagdedesisyon ayon sa kanilang pansariling pangangailangan sa pag-aalaga.

Pamamahala ng Plano (Plan Management)

Kung ang isang indibidwal o samahan na rehistrado sa NDIA ay tumutulong sa pamamahala ng inyong pondo sa mga suporta sa inyong Plano NDIS.

Miting sa Pagpaplano (Planning Meeting)

Isang pag-uusap ng nagplano, ang kalahok at iba pang tao na nagbibigay ng suporta sa kalahok ang magkakasamang bumubuo ng isang indibidwal na plano sa suporta sa isang kalahok.

Makatuwiran & Kailangan (Reasonable and Necessary)

Ang suporta ay kailangang may kinalaman sa kapansanan ng kalahok; hindi kasama ang pang-araw-araw na gastos na walang kinalaman sa suportang kailangan ng may kapansanan; katumbas ng halaga ng pera; at malamang na epektibo at may benepisyo sa kalahok, at titingnan ang impormal na suporta na bigay ng mga pamilya ng kalahok, tagapag-alaga, networks, at komunidad.

Ikunsulta/isangguni (Referral)

Bigay na impormasyon sa iyo tungkol sa ibang serbisyo o inilipat sa ibang serbisyo na maaaring magbigay ng suporta sa iyo.

Rehistradong Nagbibigay ng Serbisyo (Registered Service Provider)

Isang nagbibigay ng suporta sa may kapansanan na nakatugon sa mga kailangan ng NDIS para sa kwalipikasyon, approvals, karanasan at kakayahan para sa aprobadong suporta at kalidad ng mga pamantayan sa kanilang nasasakupang lugar.

Sariling Pagpopondo (Self Managed)

Kung ang pondo at mga suporta ay pinamamahalaan ng isang kalahok at ng kanilang pamilya.

Nagbibigay ng Serbsyo (Service Provider)

Isang indibidwal o samahan na nagbibigay ng suporta o produkto sa kalahok.

Suporta/Tulong (Support)

Tulong na nakakatulong sa kalahok na maabot ang kanilang layunin, pangarap at hangarin at makagawa ng mga gawain na makakatulong sa kanilang paglahok na sosyal at kabuhayan.

Tagapag-ugnay ng Suporta (Support Co-ordination)

Isang rehistradong serbisyo na tumutulong sa mga kalahok na makahanap ng mamamahala ng suporta.

Plano ng Suporta (Support Plan)

Isang plano na binuo para sa lahat ng bahagi ng buhay ng isang taong may kapansanan. Binuo kasama ang taong may kapansanan, mga magulang/tagapag-alaga, empleyado at mga propesyonal.

Pangatlong Namamahala (Third Party Managed)

Isang indibidwal o samahan na rehistrado sa NDIA na tumutulong sa pamamahala ng iyong pondo para sa mga suporta sa inyong Plano NDIS.

Transisyon (Transition)

Panahon ng iyong buhay na kung saan nagbabago mula sa isang kalagayan tungo sa isang kalagayan, programa o serbisyo sa iba.

Makipag-ugnayan sa amin

02 9569 1288

Disclaimer: ECSC has strived to achieve the highest degree of accuracy in the development of this resource. Any discrepancies of differences created in the translation are not binding and have no legal effect for compliance or enforcement purposes.

Ethnic Community Services Co-operative Limited is registered as a charity with the Australian Charities and Not-for-profits Commission ABN 92 766868403.